

## Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa mga booster na iniksyon?



*Pinoprotektahan ng mga bakuna sa COVID-19 ang mga tao mula sa malubhang karamdaman at pagkamatay mula sa COVID-19. Ngunit sa kumakalat na Delta at Omicron variants ng COVID-19, ang mga kwalipikado ay dapat na makakuha ng karagdagang booster na iniksyon ng bakunang COVID-19 para sa pinaka-proteksyon.*

### Ano ang booster na iniksyon?

Ang mga boosters ay isang karagdagang iniksyon ng bakuna upang mapalakas at mapatagal ang proteksyon. Ito ay lalong mahalaga para sa mga nasa hustong gulang na higit sa 50 at mga taong may mga kondisyong medikal na makakuha ng booster. Ang booster na bakuna ay libre.

### Ako ba ay kwalipikadong tumanggap ng booster na iniksyon?

Sinumang edad 12 at mas matanda ay dapat makakuha ng booster na iniksyon.

### Kailan ko dapat makuha ang booster?

Kung ikaw ay kwalipikado para sa booster na iniksyon, maari mong tangapin ang iyong iniksyon:

- 5 buwan pagkatapos ng iyong pangalawang dosis ng bakuna kung nakatanggap ka ng bakunang Moderna o Pfizer (paalala: ang mga edad 12 at 17 ay maari lamang makakuha ng Pfizer).
- 2 buwan pagkatapos ng iyong inisyal na bakuna kung nakatanggap ka ng bakuna sa J&J.

## Anong uri ng booster na iniksyon ang dapat kong makuha?

Maaari kang makakuha ng parehong uri ng bakuna o pumili ng ibang bakuna para sa iyong booster na iniksyon. Bilang halimbawa, maaari kang makakuha ng Moderna o Pfizer na booster pagkatapos ng J&J na bakuna.

Ang bakuna sa J&J ay may mababang panganib na magkaroon ng malubhang sakit sa pamumuo ng dugo, lalo na para sa mga babaeng wala pang 50 taong gulang. Ang mga bakunang Pfizer at Moderna ay walang ganitong panganib, at inirerekumenda kaysa J&J na bakuna para sa inisyal at booster na pagbabakuna.

## Saan ako makakapunta upang makakuha ng booster na iniksyon?

Tawagan ang opisina ng iyong doktor o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman kung mayroon silang available na mga appointment sa pagbabakuna.

Gamitin ang Vaccine Locator ng Estado ng Washington upang maghanap ng lugar ng pagbabakuna malapit sa iyo: <https://vaccinelocator.doh.wa.gov>.

Bumisita sa lugar ng pagbabakuna sa King County. Ang drop-in na pagbakuna ng booster ay available na sa lahat ng mga lugar ng pagbabakuna sa King County (hindi na kailangan ng appointment). Makakahanap ka ng listahan ng mga lugar sa [kingcounty.gov/vaccine](http://kingcounty.gov/vaccine).

Kung ikaw ay may kapansanan at kailangan ng akomodasyon upang makakuha ng booster ng bakuna sa COVID-19, tumawag sa 206-477-3977 o mag-email sa [publichealthaccommodations@kingcounty.gov](mailto:publichealthaccommodations@kingcounty.gov).

## Ano pa ang mga karagdagang magpagkukunan ang available?

Transportasyon - Kung kailangan mo ng masasakyan patungo sa iyong appointment ng pagbakuna, bisitahin ang [bit.ly/vaxride](http://bit.ly/vaxride) (ang website ay Ingles lamang) o tumawag sa 425-943-6706 (Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m.-4 p.m.). I-dial ang 5 para sa interpretasyon.

In-home na pagbabakuna - Upang humiling ng in-home na appointment sa pagbabakuna, tumawag sa Sentrong Tawagan ng King County COVID-19 sa 206-477-3977, 8 a.m.-7 p.m. Available ang Interpretasyon. Tatanungin ka ng ilang katanungan upang makumpirma kung ikaw ay kwalipikado.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa bakuna at mga booster, bisitahin ang [kingcounty.gov/covid/vaccine](http://kingcounty.gov/covid/vaccine).

